



Illinois State Board of Education

100 North First Street • Springfield, Illinois 62777-0001
www.isbe.net

James T. Meeks
Chairman

Tony Smith, Ph.D.
State Superintendent of Education

July 6, 2017

Mahal na Mga Pamilya,

Ang Illinois State Board of Education (ISBE) ay nakatuon sa paghahanda sa bawat bata para sa tagumpay sa kolehiyo at karera. Kinikilala namin kayo bilang katuwang sa pagsuporta sa kagalingan at matagumpay na edukasyon ng inyong anak.

Ginagamit ng ating mga paaralan ang pagtatasang ACCESS 2.0 upang matukoy ang mga serbisyo sa suporta na batay sa wika na kailangan ng bawat English Learner (EL) at kung kailan titigil sa pagtanggap ng mga serbisyo.

Kamakailan lang ay binago ang ACCESS 2.0 upang umayon sa mga pamantayan ng pagiging handa sa kolehiyo at karera ng Illinois at mas tumpak na ipapakita ng mga puntos ang antas ng kasanayan sa wikang Ingles ng iyong anak. Matapos suriin ang malawak na impormasyon sa pagganap ng tagumpay at sa konsultasyon sa mga eksperto sa edukasyon kabilang ang mga guro, mga punong-guro at superintendente, natukoy namin na ang pinagsamang marka na 4.8 sa ACCESS 2.0 ay kinakailangan upang makaalis sa kasipikasyon na EL. Ang puntos na ito ay may bisa sa simula ng 2016-17 na taon ng paaralan.

Kinikilala ng ISBE na ang ang pagpapataas ng mga pamantayan para makalabas ang mga EL mula sa mga serbisyo ng suporta sa wika ay nangangahulugan na ang ilang mga estudyante ay maaaring tumanggap ng mga serbisyo sa mas matagal na panahon. Kumpansa ang ISBE na mas maihahanda ng desisyon na ito ang mga estudyante ng EL para magtagumpay sa paaralan. Ang sumusunod na link ay nagbibigay ng karagdagang impormasyon sa ACCESS

https://www.wida.us/Assessment/ACCESS%202.0/documents/UnderstandingScores/WIDA_flyer_cut%20score%20parents.pdf.

Kung mayroon kang mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa mga kawani ng iyong paaralan o sa direktor ng English Learner sa iyong distrito. Inaasahan namin ang patuloy na pakikipagtulungan sa iyo upang matiyak na ang iyong anak – at lahat ng mga estudyante ng Illinois – ay lubos na handa sa kolehiyo, karera, at higit pa.

Lubos na sumasaiyo,

A handwritten signature in black ink that reads "Jason A. Helfer".

Jason A. Helfer, Ph.D.
Deputy Superintendent para sa Pagtuturo at Pag-aaral
Illinois State Board of Education